# Pakiusap sa mga mag-aaral ng mga prefectural na high school at special needs high school na maghanda ng sariling device para sa pag-aaral sa simula ng kanilang pagpasok sa 2026.

Para sa mga batang namumuhay sa isang information society, ang mga computer at tablet ay katumbas ng mga panulat at papel sa importansya sa pag-aaral.

Simula sa pagpasok ng mga mag-aaral sa 2026, isusulong ng Prepektura ng Aichi ang programa upang himukin ang sariling-kusa sa pag-aral ng mga estudyante sa pamamagitan ng pagpahintulot ng kanilang paggamit ng kanilang sariling mga laptop at tablet sa kanilang mga aktibidad sa pag-aaral at pang-araw-araw.

## Mga Halimbawa ng Paggamit ng mga PC o Tablet

### Paglikha at Pag-edit ng mga Dokumento o Ibang Materyales




Ang lahat ng mga mag-aaral sa mga prefectural na paaralan ay maaaring gumamit ng mga Microsoft account nang walang bayad. Sa paglikha at pag-edit ng mga dokumento at materyales sa pagkuha ng impormasyon at mga masinsinang pananaliksik, makakakuha ang mga mag-aaral ng kakayahan na gumamit ng impormasyon sa paraang kapaki-pakinabang sa buong lipunan.

### Pamamahagi ng mga Saloobin at Ideya



Mapapadali para sa mga mag-aaral na hindi sanay magsalita sa harap ng iba na ipaalam ang kanilang mga saloobin. Magagawa din ng mga estudyante na ibahagi ang kanilang mga ideya sa kanilang kapwa mag-aaral at gawing palakasin ang kanilang kooperasyon sa kanilang mga aktibidad.

### Pamamahagi at Pag-pasa ng mga Takdang-aralin at Digital Pagsauli ng Answer Sheets



Sa pamamagitan ng pag-digitize sa pamamahagi at pag-pasa ng mga takdang-aralin, walang mga hindi makakasagot na takdang-aralin dahil sa hindi pagkuha nito dahil sa pagka-absent o pagkawala ng mga handout. Mapapadali din ang pag-review ng mga aralin mula sa digital grading system at digital na pagsauli ng mga na-markahang mga papeles na naka-install sa lahat ng prefectural na high school.

### Paggamit ng mga Image, Video, at AI (Artificial Intelligence)



Sa mga praktikal na klase tulad ng P.E. (physical education) maaaring kumuha ng mga video upang matulungan ang mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang mga kakayanan. Kaya din pabutihin ang kakayahan sa wikang Ingles mula sa paggamit ng AI para bigyan ng marka ang mga bagay tulad ng pagbigkas.

Maari din gamitin ang generative AI para talakayin ang mga problemang hinaharap ng bawat rehiyon.

# Q & A

**Q: Bakit kailangan namin maghanda ng aming sariling mga device?**

A: Malayang nagagawa ng mga estudyante ang kanilang sariling mga device tulad ng pagdagdag ng mga application at magamit ang mga ito bilang personal na kagamitan para sa pag-aral. Sa paggamit ng mga mag-aaral ng kanilang parehong device sa paaralan at sa bahay ay mapapataas ang kanilang epektibong pagtuto mula sa kasanayan at mahusay na paggamit ng kanilang device.

**Q: Anong uri ng device ang dapat kong ihanda?**

A: Maghanda ng device na may keyboard na umaangkop sa mga instruksyon na itinakda para sa bawat paaralan (at kanilang kurso/programa). Plano ng Aichi Prefecture Board of Education na magbigay ng e-commerce site kung saan makakabili ng mga device.

I-uupload ang mga detalye sa mga instruksyon ng mga paaralan (at kanilang kurso/programa) sa website ng Aichi Prefecture Board of Education bago o hanggang Disyembre 2025.

**Q: Hanggang kailan dapat maihanda ang device na ito?**

A: Planong simulan ang paggamit ng mga device sa mga klase mula Mayo 2026. Pinapakiusap namin na ihanda ang device ng inyong anak bago sa petsang nabangit. Ang sumusunod ay ang iskedyul (tentatibo) para sa pagbili ng mga device sa e-commerce site ng Prepektura ng Aichi:

| Kalagitnaan ng Marso 2026 | Kalagitnaan hanggang dulo ng Abril 2026 | Mayo 2026 |
|---|---|---|
| Matapos ipahayag ang mga resulta ng mga pumasa<br>• Paliwanag ng pamamaraan ng pagbili at mga hakbang sa suporta sa pagbili ng device ng mga pumasang estudyante.<br>• Pagsimula ng Pagbenta sa mga EC (E-commerce) Site | Paghahatid ng biniling device<br>※Ihahatid ang inyong mga bilining device sa inyong bahay. Sundin ang instruksyon sa manwal para i-setup ito? | Pagsimula ng mga paaralan ng paggamit ng mga device. |

**Q: Puwede ba gamitin ng anak ko ang device namin sa bahay?**

A: Oo. Puwedeng gamitin ang anumang device na tumutupad sa mga instruksyon ng paaralan (at kanilang kurso/programa). I-uupload ang mga instruksyon na ito sa website ng Aichi Prefecture Board of Education.

**Q: Magkano ang mga device na ito?**

A: Maaring magbago ang halaga depende sa spec. na kailangan para tuparin ang mga itinakdang instruksyon bawat paaralan (at kanilang kurso/programa). Maaring kailangan mula ¥55,000 hanggang ¥100,000 na pambili.

**Q: Mayroon bang pinansyal na tulong para sa pambili ng device para sa aking anak?**

A: Pinag-iisipan ang paghandog ng pampinansyal na tulong para sa mga pamilya ng mga kabataang nagaaral sa prefectural high school at nabibilang sa isang single-parent na sambahayan, sambahayang may maraming mga bata, at sambahayang mababa ang kitain. Pinag-iisipan din ang paghahandog ng pinansyal na tulong para sa mga pamilya ng mga batang pumapasok sa isang prefectural special needs high school. Ilalabas ang mga anunsyo sa website ng Aichi Prefecture Board of Education sa hinaharap. Maliban dito ay Iipapaliwanag din ang tungkol sa paghandog ng pinansyal na tulong para sa pagbili ng mga device sa orientation ng mga pumasa.

**Q: Sino ang mga magbabayad para sa mga telecommunication bill?**

A: Ang Prepektura ng Aichi ang magbabayad para sa Wi-Fi sa paaralan. Para sa pambayad sa internet sa labas ng paaralan ay papasanan ng mga pamilya.

Makipag-ugnay sa:

Aichi Prefecture Board of Education ICT Education Promotion Department

TEL:052 - 954 - 7461 E-mail: ictkyoiku@pref.aichi.lg.jp

Website: https://www.pref.aichi.jp/soshiki/ictkyoiku/byod.html